



## **PAHAYAG SA MEDIA**

**PARA SA AGARANG PAGLALABAS:** Disyembre 28, 2020  
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Ralph Borrmann - 415.760.0285

### **Air District, inareglo ang kaso sa Chevron USA Inc.**

*Magbabayad ang refinery ng \$147,000 para sa mga paglabag kaugnay sa kalidad ng hangin*

**SAN FRANCISCO** – Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) ngayong araw na pumayag ang Chevron USA Inc. na magbayad ng \$147,000 para sa mga paglabag ng refinery nito sa Richmond.

Sinasaklaw ng kasunduang ito ang 29 na Paunawa ng Paglabag na ibinaba para sa mga paglabag kaugnay sa kalidad ng hangin sa oil refinery sa Richmond mula 2016 – 2018.

“Pinakamahigpit sa buong bansa ang mga regulasyon sa kalidad ng hangin ng Air District, at ito ay para mabantayan ang pampublikong kalusugan at kalidad ng hangin sa rehiyon,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ang kasunduang ito ay bahagi ng isang tuloy-tuloy na proseso para matiyak na mapapanagot ang Chevron at sinusunod nito ang lahat ng pang-estado, lokal, at pederal na kundisyon sa permit para maprotektahan ang mga kalapit na komunidad.”

Kasama sa mga paglabag na tinutugunan sa kasunduang ito ang:

- Ilang Paunawa ng Paglabag dahil sa pagpapaliyab na lumalabag sa pederal na Bagong Pamantayan sa Pagganap ng Pinagkukunan
- Paunawa ng Paglabag kaugnay ng abala sa amoy na mula sa mga reklamo sa San Francisco na nangyari pagkatapos ng pagpapaliyab sa refinery
- Paunawa ng Paglabag kaugnay ng abala sa amoy na mula sa mga reklamo sa bahagi ng Richmond na nauugnay sa muling pagbubukas ng mga operasyon ng refinery pagkatapos ng pagkawala ng supply ng kuryente
- Exceedance ng sulfur dioxide sa isang sulfur recovery na operasyon
- Labis na nakikitang mga emisyon sa fluid catalytic cracking unit

Ang lahat ng paglabag na humantong sa pakikipag-areglo na ito ay naitama na.

Nagbibigay ang Air District ng Mga Paunawa ng Paglabag kapag nilalabag ng mga pasilidad ang partikular na regulasyon o tuntunin sa kalidad ng hangin. Ang mga lumalabag ay karaniwang kailangang tumugon sa paunawa sa loob ng sampung araw at magsumite ng paglalarawan ng mga aksyon na gagawin nila para itama ang problema. Maaaring kasama sa mga aksyon na ito ang agarang pagpapatigil ng ilang operasyon o pagbabago ng mga operasyon o kagamitan para sumunod.

Ang lahat ng pondo mula sa pag-aayos ay gagamitin para pondohan ang mga aktibidad ng Air District tulad ng inspeksyon at pagpapatupad ng mga aktibidad na humantong sa pag-aayos na ito.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

# # #

---

*Air District Communications Office*  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)